| | |
|---|---|
| **University of Santo Tomas**<br>**Research Center for Social Sciences and Education**<br>and the<br>**Fondazione Gravissimum Educationis** | **Learning Area: Social Studies**<br>**2021–2022**<br>Duration of the Lesson: 1-2 sessions<br>Period: **[Type date here.]** |

| | |
|---|---|
| **Teacher** | **JOSEPH EARVEN C. VALDESIMO** |

## LEARNING OBJECTIVES

| | |
|---|---|
| **Content Standards.** Refer to the DepEd Curriculum Guide. | *Naipamalas ang mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa patuloy na pagpupunyagi ng mga Pilipino tungo ng mga hamon ng nagsasarili at umuunlad na bansa* |
| **Performance Standards** Refer to the DepEd Curriculum Guide. | *Nakapagpakita ng aktibong apkikilahok sa gawaing makatutulong sap ag unlad ng bansa bilang pagtupad ng sariling tungkulin na siyang kaakibat na pananagutan sa pagtamasa ng mga Karapatan bilang isang malaya* |
| **Learning Competencies** Write the LC code of each. | 2. Natatalakay ang mga pangyayari sa bansa na nagbigay wakas sa Diktaturang Marcos<br>2.1 Naiisa-isa ang mga karanasan ng mga piling taumbayan sa panahon ng Batas Militar (Hal., Aquino Jr., Salonga, Lopez, Diokno, Lino Brocka, Cervantes)<br>2.2 Natatalakay ang mga pagtutol sa Batas Militar na nagbigay daan sa pagbuo ng samahan laban sa Diktaturang Marcos |
| **Focus** | ☑ Critical Thinking ☐ Problem Solving ☐ Creative Thinking |

## CONTENT

### Pakikibaka tungo sa ganap na Kalayaan (1972-1986)

### Hamon ng Diktaturyang Marcos

## LEARNING RESOURCES

| | | |
|---|---|---|
| **Resources** Indicate here the materials that you plan to use during the session | **Input materials** [These refer to reading materials and other resources that will help you launch the key concepts and processes.]<br>▪ PowerPoint Presentation<br>▪ ICT Tools | **Output materials** [These refer to exercises and activity text to be accomplished by the participants during and after the session.]<br>▪ Answer Garden<br>▪ Tiktok Video (Battling Historical Distortion)<br>▪ Stakeholders Perspective Sheet (Immersion of Other People's Experience during Martial Law) |
| **References** | • **https://www.rappler.com/voices/imho/marcos-economy-golden-age-philippines**<br>• **https://youtu.be/ABHjin5Q62k**<br>• **The Philippines During the Martial Law (philippine-history.org)**<br>• **https://www.britannica.com/place/Philippines/Martial-law** | |
| **Essential Questions** | a. Ano-ano ang mga mabuting nagawa ng Pamahalaang Marcos?<br>b. Ano-ano ang mga hindi naging mabuting nagawa ng Pamahalaang Marcos?<br>c. Sa tingin mo, naging maganda ba ang Kalagayan ng Pilipinas sa kanyang pamamahala?<br>d. Sa kasalukuyan, paano nakaapekto ang mga pangyayari noong Panahon ng Martial Law?<br>e. Tama ba iyong nalalaman sa mga pangyayari sa Panahon ni Marcos? Tama ba ang mga impormasyon na nakikita at nalalaman mo sa internet at social media tungkol dito? | |

## PROCEDURES

**Teaching-Learning Episodes**

A. INTRODUCTION



B____ M_______

**TANONG:**

1. Buuin ang dalawang salita base sa larawan na nasa itaas.
2. Base sa nabuong salita, ano ang naiisip mo kapag nabasa mo ang salitang yan?

**B. DEVELOPMENT**

- Ilahad sa mga mag-aaral ang layunin

- Gamit ang *website* na ANSWERGARDEN.COM, humingi ng mga kuro-kuro sa mga mag-aaral ano ang nalalaman nila patungkol sa mga BATAS MILITAR na ipinatupad ni Ferdinand E. Marcos.
- Ilahad ang mga proyektong naipatupad ni Ferdinand E. Marcos. Ipakita sa mga mag-aaral ang pinagmulan ng impormasyon.
- Ilahad din ang mga negatibong nangyari sa panahon ng Diktaturyang Marcos. Ipakita sa mga mag-aaral ang pinagmulang ng impormasyon.
- Ibigay ang mga sumusunod na tanong:
  a. Ano-ano ang mga mabuting nagawa ng Pamahalaang Marcos?
  b. Ano-ano ang mga hindi naging mabuting nagawa ng Pamahalaang Marcos?
  c. Sa tingin mo, naging maganda ba ang Kalagayan ng Pilipinas sa kanyang pamamahala?
  d. Sa kasalukuyan, paano nakaapekto ang mga pangyayari noong Panahon ng Martial Law?
  e. Tama ba iyong nalalaman sa mga pangyayari sa Panahon ni Marcos? Tama ba ang mga impormasyon na nakikita at nalalaman mo sa internet at social media tungkol dito?

**C. ENGAGEMENT**

Panuto: Ang mga mag-aaral ay gagawa ng TIKTOK VIDEO na nagpapakita ng pag wawasto ng mga maling impormasyon na kumakalat sa *internet.* Siguraduhin na *reliable* ang mga sources na pinagkunan ng mga impormasyon. Maging mapanuri sa mga impormasyon na nakikita lalo na sa *internet*.

**D. ASSIMILATION**

**Stakeholders Perspective Worksheet**

Panuto: Mag interview ng ibat-ibang sector at hingin ang kanilang opinion tungkol sa Pamamahal ni Marcos. Kumpletuhin ang talaan ng mga ibat-ibang pananaw ng ibat-ibang tao sa mga pangyayari noong Martial Law.

| Sector | Economic Factors | Social Factors | Environmental Factors |
|---|---|---|---|
| **Senior Citizen** | | | |
| **Mga Magulang** | | | |
| **Mga Kabataan** | | | |

- Iulat ang mga nakalap na impormasyon sa klase
- Magbibigay ng pagsusulit.

**E. REFLECTION**

Para sa huling bahagi, ipakita ang video presentation na nagpapakita ng dalawang magkaibang henerasyon, kung saan ang isa ay nakaranas ng Batas Militar ni Marcos, at ang isa na naririnig lamang ang tungkol sa Batas Militar.

-Bilang mag-aaral ano sa tingin ang dapat mong gawin upang maging manaig pa din ang katotohanan lalo na sa pag preserba ng ating kasaysayan?

**Inquiry Questions**

- Sa tingin mo ba tama ang iyong nalalaman tungkol sa mga pangyayari sa Martial Law? Tama ba ang mga impormasyon na nakikita at nalalaman mo sa internet at social media?
- Naging Maganda ba ang Kalagayan ng PIlipinas sa Panahon Ng Disktaturyang Marcos?
- May epekto ba ang mga pangyayari noong Panahon ng Martial Law sa kasalukuyan?

| METACOGNITIVE DEVELOPMENT AND ASSESSMENT | |
|---|---|
| **Assessment Tools** | ▪ [Paper-Pencil Test, Online Teaching Aid Tools (Mentimeter, Google Docs, Answer Garden] |
| **Metacognitive Extension** | ▪ Bilang isang mag-aaral, ano sa tingin mo ang iyong responsibilidad sa pagsugpo ng mga kumakalat na propaganda at maling impormasyon? Lalo na sa panahon ngayon kung saan laganap ang *social media* gamit ang *internet*, mas pinadali na ang paglabas pasok ng impormasyon sa ating mga *smartphones*, at *computer*. Base sa tanong na ito, gumawa ng isang Tiktok Video na nagbibigay impormasyon kung paano natin masusugpo ang paglaganap ng Fake News.<br>▪ Basahin ang post ni **Tarantadong Kalbo** tungkol sa paksang historical Distortion At Historical Revisionism.<br><br>https://www.facebook.com/809073886155519/posts/1417452611984307/ |

| REFLECTION | |
|---|---|
| **Reflection** | ▪ Sa tingin mo, ano ang ginagampanang tungkulin ng mga *social media company* sa paglaban patungkol sa pagkalat ng mga propaganda at maling impormasyon? May pananagutan ba sila sa atin?<br>▪ Sa ginawang talakayan, ano ang mga realisasyon mo sa takbo ng kasaysayan sa ating bansa? Sa tingin mo ba marami parin ang hindi mulat sa totoong nangyari sa ating kasaysayan? |